# Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)

### Ano ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado?

Para maging kwalipikado para sa Programa ng Murang Insurance ng Sasakyan  ng California (California's Low Cost Auto Insurance Program CLCA), ang mga mamimili ay dapat na:

- Mayroong valid na lisensya sa pagmamaneho sa California
- Nagmamay-ari ng sasakyang nagkakahalaga ng $25,000 o mas mababa
- Nakakatugon sa mga alituntunin sa pagiging kwalipikado batay sa kita
- May edad na hindi bababa sa 16 na taong gulang *Ang mga aplikanteng wala pang 18 taong gulang ay dapat na itinuturing nang may kakayahang gumawa ng sariling mga desisyon
- Mayroong Magandang Rekord sa Pagmamaneho

### Ano ang mga kinakailangan sa kita?

Ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado batay sa kita bawat sambahayan:

- 1 tao - $39,125.00
- 2 tao - $52,875.00
- 3 tao - $66,625.00
- 4 na tao - $80,375.00
- 5 tao - $94,125.00

Ang "sambahayan" ay tinutukoy bilang lahat ng taong nakalista sa isang pederal o pang-estadong form ng buwis sa kita.

### Kailangan ko bang patunayan ang aking kita para makapag-apply?

Oo. Tatanggapin ng programa ang alinman sa mga sumusunod na dokumento bilang patunay ng kita ng sambahayan:

| Programa | Kinakailangang Dokumento |
| --- | --- |
| **CalFresh (mga food stamp)** | Card ng Elektronikong Paglilipat ng Benepisyo (Electronic Benefit Transfer, EBT) |
| **CalWorks (tulong panlipunan)** | Liham ng abiso |
| **California LifeLine** | Beripikasyon ng Lifeline mula sa kumpanya ng utilidad |
| **LIHEAP (tulong sa bayarin sa kuryente para sa pamilyang may mababang kita)** | Beripikasyon mula sa LIHEAP (tulong sa bayarin sa kuryente para sa may mababang kita) |
| **Medi-Cal / Medicaid** | Card ng Medi-Cal |
| **Debit Card o mga liham ng benepisyo mula sa Departamento ng Pagpapaunlad ng** | Debit card o liham ng benepisyo ng EDD |

| Programa | Kinakailangang Dokumento |
|---|---|
| **Pagtatrabaho (Employment Development Department, EDD) ng Estado ng California** | |
| **SSI (matanda, bulag, may kapansanan)** | Beripikasyon mula sa SSI |
| **Social Security o Pensiyon** | Liham ng Social Security o pensiyon |
| **Antas ng Kita *** | • mga pederal o pang-estadong income tax return<br>• W-2 Form<br>• 1099 Form<br>• payroll stub |

## Ano ang mga hakbang sa proseso ng aplikasyon?

Pagkatapos mong piliin ang Apply Online (Mag-apply Online) sasagutan mo ang talatungan sa pagiging kwalipikado. Kapag nasagutan mo na ang talatungan, tatanungin ka kung gusto mong kumpletuhin ang mabilis o buong aplikasyon. Pagkatapos mong kumpletuhin ang aplikasyon, mangyaring maghintay ng 24 hanggang 48 oras para makipag-ugnayan sa iyo ang broker (Pacific Preferred Insurance). Sa panahong ito, susuriin ng broker ang iyong aplikasyon. Kapag nasuri na ang aplikasyon, makikipag-ugnayan sa iyo ang broker para isumite ang mga kopya ng patunay ng kita at patunay ng pagmamay-ari ng sasakyan. Kapag nakumpirma na ng broker ang impormasyong iyon, natapos na ang aplikasyon. Bibigyan ng pansamantalang card ng insurance ang mayroong insurance.

## Anong saklaw ang ibinibigay ng patakaran sa Murang Insurance ng Sasakyan ng California?

Ang programa ay nagbibigay ng abot-kayang insurance sa sasakyan na may saklaw lang sa pananagutan, na sumusunod sa mga batas ng estado tungkol sa pinansyal na responsibilidad.

Ang mga limitasyon ng Pangunahing Patakaran sa Pananagutan (Basic Liability Policy) ay:

- $10,000 para sa pinsala sa katawan o pagkamatay bawat tao
- $20,000 para sa pinsala sa katawan o pagkamatay bawat aksidente
- $3,000 para sa pananagutan sa pagkasira ng ari-arian bawat aksidente

Para sa karagdagang bayad, maaaring idagdag ng mga mamimili ang:

- $1,000 para sa medikal na pagbabayad bawat tao
- $10,000 para sa pinsala sa katawan sa walang insurance na motorista bawat tao
- $20,000 para sa pinsala sa katawan sa walang insurance na motorista bawat aksidente

Hindi nag-aalok ng komprehensibong saklaw o saklaw sa pagkabangga ang programa (saklaw na magpakumpuni ng sariling sasakyan ng driver matapos ang isang aksidente)

## Magkano ang halaga ng patakaran sa insurance ng CLCA?

Nag-iiba ang taunang premium sa California depende sa county, na nasa pagitan ng $232 - $966. May mga diskwento kung ang consumer ay may lisensya sa pagmamaneho sa loob ng 3 taon at may malinis na rekord sa pagmamaneho.

Ang malinis na rekord sa pagmamaneho ay tinutukoy bilang:

- Walang kinasangkutan na higit sa isang aksidente na siya ang may kasalanan na nagdulot lang ng pinsala sa ari-arian o hindi hihigit sa isang puntos para sa paglabag sa batas-trapiko sa nakalipas na tatlong taon
- Walang kinasangkutan na aksidente na siya ang may kasalanan na nagresulta sa pinsala sa katawan o pagkamatay sa rekord ng pagmamaneho sa loob ng nakaraang tatlong taon
- Hindi nahatulan dahil sa malubhang krimen (felony) o hindi malubhang krimen (misdemeanor) para sa anumang paglabag sa Vehicle Code sa rekord ng pagmamaneho.

Para tingnan ang mga rate ayon sa county o kalkulahin ang iskedyul ng pagbabayad*, mag-click dito para i-access ang calculator ng rate.

*Nag-aalok ang CLCA ng dalawang opsyon sa pagbabayad:

- Buong pagbabayad **o**
- 20% na paunang bayad na may 7 hulog na pagbabayad (May karagdagang $4.00 na bayad sa transaksyon sa bawat hulog).

## Paano mag-apply para sa programa?

Para mag-apply para sa Programa sa Murang Insurance ng Sasakyan ng California, sundin ang 2 hakbang na ito:

1. Sagutan ang talatanungan sa pagiging kwalipikado,
2. Pagkatapos, kumpletuhin ang proseso ng aplikasyon
    - 100% online na ngayon
    - O makipagkita sa isang lokal na ahente nang walang bayad

Mangyaring bisitahin ang mylowcostauto.com at i-click ang button na Get Started (Magsimula). Kung wala kang access sa internet o kailangan mo ng karagdagang tulong, mangyaring tumawag sa 1-866-602-8861.

## Paano ako maga-apply online?

Para mag-apply online, bisitahin ang mylowcostauto.com at i-click ang 'Get Started (Magsimula)' para sagutan ang isang maikling talatanungan sa pagiging kwalipikado. Kung kwalipikado ka, ilagay ang iyong ZIP code, pagkatapos ay i-click ang Apply Online (Mag-apply Online).

## Ano ang mga parusa sa hindi pagkakaroon ng insurance ng sasakyan?

Kung nahuli ka na walang insurance ng sasakyan sa oras ng isang paglabag sa trapiko o aksidente, maaari kang mapatawan ng multa at posibleng masuspinde ang pagpaparehistro ng iyong sasakyan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga parusa sa hindi pagkakaroon ng insurance ng sasakyan, mag-click dito para i-access ang website ng DMV ng California.

### Ilang sasakyan ang maaaring maisama sa patakaran ng CLCA?

Maaaring magkaroon ang bawat kwalipikadong consumer ng hanggang dalawang Murang patakaran sa insurance ayon sa mga alituntunin ng programa. Sa katunayan, lahat ng sasakyang* nakarehistro sa iyo bilang aplikante, na may maximum na 2, ay dapat maisama sa CLCA.

* Hindi kasama ang mga motorsiklo at komersyal na sasakyan

### Bakit kailangang maisama sa CLCA ang lahat ng aking sasakyan?

Inaatasan ng programa na ang lahat ng sasakyang nakarehistro sa aplikante ay kasama sa insurance ng programa. Samakatuwid, para maging kwalipikado para sa isang sasakyan sa programa, hindi maaaring magkaroon ng saklaw ng pananagutan ang aplikante mula sa ibang patakaran para sa iba pang sasakyan.

### Maaari ba akong makakuha ng saklaw sa pamamagitan ng patakaran ng CLCA kung may loan ako na sasakyan?

Oo, pero dapat kang kumonsulta kung saan ka nag-loan para matiyak kung ang mga limitasyon ng saklaw na ibinibigay ng programa ay nakakatugon sa mga kinakailangan ng iyong loan.

### Mayroon akong Murang Patakaran sa insurance. Paano ko makaka-ugnayan ang aking kompanya ng insurance o makakapagbayad?

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan at Pagbabayad sa Tagapagbigay ng Insurance**

**CAARP Insurance Agency (mga patakarangang nagsisimula sa AAP)**

Serbisyo sa Customer: 888-922-4776 | Email: CALC@aipso.com

Pagbabayad sa Telepono: 866-470-5504

Mga Elektronikong Pagbabayad: https://pay.caauto.online

Mga Tip sa Mga User: Kapag inilalagay ang numero ng patakaran, tiyaking naka-set ito sa MALALAKING LETRA (hal. CAR). Hindi tatanggap ng maliliit na letra ang sistema.

Para sa petsa ng kapanganakan, ilagay ito sa format na MMDDYYYY (hal., 01012025). Huwag isama ang mga gitling o iba pang separator.

Pagbabayad sa pamamagitan ng Koreo
Ipangalan sa CAARP ang tseke at ipadala sa:
CAARP
PO Box 6530
Providence, RI 02940-6530

------------------------------------------------------------------------------

**Integon National Insurance Company (mga patakarang nagsisimula  sa IMPLC)**

Serbisyo sa Customer: 800-632-3306 | Email: UNDNYBP@NGIC.COM

Pagbabayad sa Telepono: 866-470-5520

Mga Elektronikong Pagbabayad: https://pay.caauto.online

Mga Tip sa Mga User: Kapag inilalagay ang numero ng patakaran, tiyaking naka-set ito sa MALALAKING LETRA (hal. CAR). Hindi tatanggap ng maliliit na letra ang sistema.

Dapat ilagay ng mga kliyente ng Integon National ang alpha character kasunod ng numero ng patakaran. Halimbawa, IMPLC123456A

Para sa petsa ng kapanganakan, ilagay ito sa format na MMDDYYYY (hal., 01012025). Huwag isama ang mga gitling o iba pang separator.

Pagbabayad sa pamamagitan ng Koreo
Ipangalan sa Integon National Insurance Company ang tseke at ipadala sa:
Integon National Insurance Company
PO Box 9048
Bethpage, NY 11714

------------------------------------------------------------------------------

**21st Century Centennial Insurance Company (mga patakarang nagsisimula sa CAR)**

Serbisyo sa Customer: 800-531-5981 | Email: FAR@farmersinsurance.com

Pagbabayad sa Telepono: 833-516-4460

Mga Elektronikong Pagbabayad: https://pay.caauto.online

Mga Tip sa Mga User: Kapag inilalagay ang numero ng patakaran, tiyaking naka-set ito sa MALALAKING LETRA (hal. CAR). Hindi tatanggap ng maliliit na letra ang sistema.

Para sa petsa ng kapanganakan, ilagay ito sa format na MMDDYYYY (hal., 01012025). Huwag isama ang mga gitling o iba pang separator.

Pagbabayad sa pamamagitan ng Koreo
Ipangalan sa 21st Century Ins. ang tseke at ipadala sa:
Auto Ins. Plan Payment Center
P.O. Box 7247-0243
Philadelphia, PA 19170-0243

## Ano ang AIPSO?

Ang AIPSO ay isang organisasyon ng pamamahala at provider ng serbisyo para sa iba't ibang grupo ng industriya ng insurance na responsable sa pangangasiwa sa residual market ng sasakyan. Ang residual market ay kilala bilang merkado ng huling pag-asa para sa mga hindi

makakahanap ng patakaran sa insurance ng sasakyan sa boluntaryong merkado. Pinamamahalaan din ng AIPSO ang programang Murang Insurance ng Sasakyan ng California sa ngalan ng departamento ng insurance.